



Nag-expire na ang aking visa

Pagpapasuri at pagpapagamot ng COVID-19

Kahit pa wala kang visa, o hindi sigurado sa katayuan ng visa, kailangan mong sumunod sa mga tagubilin ng pampublikong kalusugan. Kung masama ang iyong pakiramdam, humingi ng medikal na atensyon at magpasuri para sa COVID-19.

Nag-aalok ang gobyerno ng mga estado at teritoryo ng libreng pagpapasuri at pagpapagamot ng COVID-19.

- [Kabiserang Teritoryo ng Australia](#)
- [New South Wales](#)
- [Hilagang Teritoryo](#)
- [Queensland](#)
- [Timog Australia](#)
- [Tasmania](#)
- [Victoria](#)
- [Kanluraning Australia](#)

Nag-expire na ang aking visa

Nag-expire sa loob ng 28 araw

Kung nag-expire na ang iyong visa, kailangan mong mag-apply kaagad ng [Bridging visa E \(BVE\)](#) para maging legal. Ang BVE ay isang pansamantalang visa na pinapayagan kang manatiling legal habang nagsasagawa ng mga planong umalis sa Australia.

Kung gusto mong manatili nang mas matagal sa Australia, kailangan mong mag-apply ng bagong visa. Ang iyong mga kinalalagyang sitwasyon ang magtatakda ng iyong mga opsyon sa visa at ano ang mga kailangan mong gawin para manatiling legal. Depende sa kung gaano na katagal nag-expire ang iyong visa, maaari kang humarap a mga paghihigpit sa pag-aapply ng mga karagdagang visa habang nasa Australia ka.

Maaaring naapektuhan ng COVID-19 ang ilang serbisyong kaugnay ng proseso ng aplikasyon ng visa at nagiging hindi available ang ilang serbisyong maaari nating maasahan (tulad ng mga pagsusuring medikal at pagkuha ng biometric). Bibigyan ng karagdagang panahon ang mga aplikante para kumpletuhin ang mga kinakailangan at ibigay ang hinihinging impormasyon.

Nag-expire mahigit 28 araw na ang nakalipas

Kung nag-expire na ang visa mo nang mahigit 28 araw na ang nakalipas, mangyaring makipag-ugnayan sa [Serbisyo sa Paglutas sa Katayuan \(Status Resolution Service o SRS\)](#) para sa tulong na maresolba ang iyong katayuan sa imigrasyon.